Dead Ends TO Doorways

# Ang Pagpapakalat ng Diyos sa mga Tao

WEEK 2

## WARM-UP

- Ano ang pinakakakaibang lugar na napuntahan mo?
- Magkwento tungkol sa panahong may tumulong sa iyo. Ano ang naging reaksyon mo?
- May naranasan ka bang pagsubok kamakailan lang? Paano mo ito nalampasan?

## WORD

[1]*Pagkatapos nito, pumili pa ang Panginoon ng 72 tagasunod, at sinugo ang mga ito nang dala-dalawa sa mga bayan at sa iba pang mga lugar na pupuntahan niya.* [2]*Sinabi niya sa kanila, "Marami ang aanihin ngunit kakaunti ang tagapag-ani. Kaya idalangin ninyo sa Panginoon, na siyang may-ari ng anihin, na magpadala siya ng mga tagapag-ani."* **LUCAS 10:1–2**

(Basahin din ang **MGA GAWA 8:1–8.**)

Ipinadala muna ni Jesus ang pitumpu't dalawa Niyang mga disipulo para maunang pumunta sa iba pang mga lugar na pupuntahan Niya. Nang ipinadala Niya sila, umasa Siyang magkakaroon ng malaking ani. Tinutukan din Niya ang pangangailangan sa mas marami pang mangangaral ng ebanghelyo at magsisilbing tagapag-ani. Sa pagsunod natin sa utos ni Jesus na pumunta sa iba't ibang lugar, makakaranas tayo ng mga hadlang. Pero ang mga ito ay hindi *dead end* o mga daan na wala nang lagusan. Sa halip, sila ay mga pintuan para mas lalo pang lumaganap ang ebanghelyo sa buong mundo. Sa araw na ito, pag-uusapan natin ang pagkakaroon ng mga pagkakataong maipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng lugar na pagdadalhan sa atin ng Diyos, anuman ang ating sitwasyon.

## 1 Ipangaral ang ebanghelyo sa kabila ng pag-uusig.

*[1]. . . Mula noon, nagsimula na ang matinding pag-uusig sa mga mananampalataya sa Jerusalem. Kaya nagkawatak-watak ang mga mananampalataya sa buong lalawigan ng Judea at Samaria. Ang mga apostol lang ang hindi umalis sa Jerusalem. . . . [4]Ang mga mananampalatayang nangalat sa iba't ibang lugar ay nangaral ng Magandang Balita.* **MGA GAWA 8:1, 4**

Dahil sa pagsunod nila kay Jesus, nakatanggap ang mga disipulo ng galit mula sa ibang tao at ang iba pa nga ay halos humantong sa kamatayan. Dahil dito, nagpuntahan ang mga disipulo sa iba't ibang mga rehiyon. Sinumang tao o pamilya na nakaranas ng ganitong sitwasyon ay maaaring nahirapan o nakaramdam ng takot. Sa kabila ng mga pang-uusig, pinili ng mga disipulo na ipangaral ang ebanghelyo. Naranasan mo na bang ipangaral ang ebanghelyo sa kabila ng mga mahihirap na sitwasyon? Magkwento tungkol dito.

## 2 Ipangaral ang ebanghelyo nasaan ka man.

*[4]Ang mga mananampalatayang nangalat sa iba't ibang lugar ay nangaral ng Magandang Balita. [5]Isa sa mga mananampalataya ay si Felipe. Pumunta siya sa isang lungsod ng Samaria at nangaral sa mga tao tungkol kay Cristo. [6]Nang marinig ng mga tao ang mga sinabi ni Felipe at makita ang mga himalang ginawa niya, nakinig sila nang mabuti sa kanya.* **MGA GAWA 8:4–6**

Ayon sa naging tradisyon, iba ang naging trato ng mga Hudyo sa Samaria at sa mga Samaritano dahil sa pagkakaiba ng kanilang mga kultura (tingnan ang Lucas 9:51–56; Juan 4:4–9). Dahil dito, wala silang tiwala sa anumang gawin ni Jesus at ng Kanyang mga tagasunod. Pero nang sundin ni Felipe si Jesus at ipangaral niya ang ebanghelyo kung saan siya tumakas, *nakinig sila nang mabuti sa kanya*. Ano ang mga komunidad o grupo ng mga magkakaibigan na kinabibilangan mo ngayon?

## 3 Ipangaral ang ebanghelyo nang may kapangyarihan ng Diyos.

*6 Nang marinig ng mga tao ang mga sinabi ni Felipe at makita ang*
*mga himalang ginawa niya, nakinig sila nang mabuti sa kanya.*
*7 Maraming taong may masasamang espiritu ang pinagaling*
*niya. Sumisigaw nang malakas ang masasamang espiritu habang*
*lumalabas sa mga tao. Marami ring paralitiko at mga pilay ang*
*gumaling. 8 Kaya masayang-masaya ang mga tao sa lungsod na*
*iyon.* **MGA GAWA 8:6–8**

Sa kapangyarihan ng Diyos, maraming taong may masasamang espiritu ang gumaling habang ipinapangaral ni Felipe ang ebanghelyo. Tulad nito, ipinapakita ng Diyos ang Kanyang pagmamahal at kapangyarihan habang nangangaral tayo sa iba. Habang sumusunod tayo sa Kanya, nagkakaroon ng kagalakan sa mga nakakarinig ng Kanyang salita at nararanasan nila ang Kanyang kapangyarihan. Kilalanin ang ilan sa mga pagkakataong mayroon ka para maipangaral ang ebanghelyo sa buhay mo. Saang mga komunidad ka maaaring makipag-ugnayan?

Kapag naintindihan natin na dinadala tayo ng Diyos sa mga lugar na hindi natin inaakalang mapupuntahan natin, makikita natin na ang Kanyang utos na ipangaral ang ebanghelyo ay hindi magbabago. Higit pa rito, makikita natin kung paano nauuna ang Kanyang pagkilos at kung paano Niya ipinapakita ang Kanyang kapangyarihan habang sinusunod natin Siya. Kapag ipinangaral natin ang ebanghelyo, mas marami pang bayan ang makikita nating nakakaranas ng kagalakan at mas marami pang tao ang maniniwala kay Cristo at magpapahayag nito sa publiko.

## APPLICATION

- May mga bagay ba na humahadlang sa iyo sa pangangaral ng ebanghelyo? Ano ang pwede mong gawin ngayong linggo para mawala ang pag-aalinlangan mo?
- Nasa atin ang presensya at kapangyarihan ng Diyos. Dahil sa kaalamang ito, ano dapat ang saloobin natin tungkol sa pangangaral ng ebanghelyo sa mga tao sa ating paligid?
- Ipinagdarasal mo bang maipangaral ang ebanghelyo sa isang tao o komunidad? Paano mo masisimulang makipag-ugnayan sa kanila ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan si Jesus sa Kanyang kaligtasan at sa mabuting balita na tayo ngayon ay bahagi na ng Kanyang pamilya. Pasalamatan Siya para sa tao at komunidad na umakay sa iyo patungo kay Cristo.
- Ipanalangin na patuloy kang magkaroon ng tapang na ipangaral ang ebanghelyo sa iyong pamilya, mga kaibigan, at komunidad.
- Hilingin ang pagkilos at ang pagmulat ng mga tainga at puso ng mga taong papangaralan mo ng ebanghelyo. Manalig na sa iyong pagsunod sa Kanya, ipapakita Niya ang Kanyang kapangyarihan.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Esther Suson

victory.org.ph